# Balitang Manmin

BILANG 116 SETYEMBRE 21, 2014

# "Mga Hindi Malilimutang Sandaling Puno ng Pagpapala ng Diyos!"

## Muling Paglikha – Naranasan sa Masayang 2014 Retreat sa Tag-init ng Manmin



Taun-taon dumarating ang maraming tao na nagmumula pa sa ibang bansa sa retreat sa tag-init ng Manmin. Gusto nilang makita ang mga kamangha-manghang mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos ng buhay na Diyos. Sa taong ito, ang retreat ay idinaos sa Deogyusan Resort, Muju, probinsya ng Jeonbuk, mula Agosto 4-7, 2014. Dalawampu't limang bansa ang nakilahok sa retreat na ito at ang mga programa ay sabay-sabay na isinalin sa wikang Ingles, Tsino, Hapon, Ruso, Pranses, Kastila, wika ng Mongolia at Vietnam, at Tagalog. Ipinalabas ito sa GCN (www.gcntv.org). (litrato – Mga nagpatotoo sa kanilang paggaling mula sa mga karamdaman sa pulong na may banal na pagpapagaling na isinagawa noong unang gabi)

### Unang Araw

### Seminar, 'Buong Espiritu 2', nagkaroon ng makapangyarihang pagtuturo at pagkilos ng Banal na Espiritu

Sa unang araw ng seminar, hindi huminto ang ulan habang ipinapangaral ni Dr. Jaerock Lee ang 'Buong Espiritu' (Sa Mga Hebreo 10:22). Pero dahil nagtiwala ang mga miyembro sa Punong Pastor Dr. Lee na pinagkalooban ng kapangyarihang muling-paglikha, sa halip na magsi-alis at magreklamo, nanatili at tahimik silang nakinig ng mensahe. Mas lalo nilang hinangad ang kapangyarihan ng Diyos.

Nalugod ang Diyos sa ipinakita nilang pagkakaisa at tiwala sa pastor. Ipinakita ng Diyos ang kaluguran Niya sa pamamagitan ng makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu sa pagpupulong na may banal na pagpapagaling. Pagkatapos manalangin ni Dr. Lee, maraming gumaling, nagpatotoo sila sa entablado tungkol sa kanilang paggaling sa mga karamdaman at kahinaan. Maraming luminaw ang paningin at marami ang nagkaroon ng solusyon sa mga problema. May mga tumanggap din ng mga minimithi ng kanilang puso. Napakaraming patotoo ang tinanggap magmula noon.

Tulad ng mga nakaraang taon, pulupulutong na tutubi ang dumating sa Muju. Kinain nila ang mga insektong mapaminsala, nakahanay ng maayos ang paglipad nila. Ang mga tutubi ay lumilipad sa umaga. Nananatili din silang nakadapo sa isang lugar kapag umuulan dahil nahihirapan silang lumipad. Gayon pa man, habang idinadaos ang seminar, maraming lumipad na tutubi kahit sa gabi at umuulan pa. Dumapo sila sa mga miyembro.









"Noong taong 2003, nabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church at sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa krusada ng pagkakaisa sa Russia. Nanatili ang interes ko sa Manmin, binabasa ko lagi ang *Balitang Manmin*. Samantala, dumalo ako sa 2014 Retreat sa Tag-init para makita ang ministeryo. Nagustuhan ko ang lahat ng bagay tungkol dito.

Naantig ang damdamin ko sa mga miyembro na nanatiling nakatuon sa seminar kahit umulan, nang huminto ang ulan pagkatapos manalangin ni Dr. Lee, inisip kong nakakita ako ng isang himala na nabalitaan ko noon. Pero may mas malaking himala para sa akin – ito ay ang matibay na koneksyon sa pagitan ni Dr. Lee at ng mga miyembro na tahimik na nakinig sa kanya kahit umulan hanggang sa matapos ang pangangaral niya. Inisip ko, 'Mahal talaga nila ang Diyos at ang iglesya, dito nagmumula ang pananampalataya nila.'"



- Pastor Oleg Piterin, Russia

"Ipinanganak ako na may nakabara sa labasan ng luha sa kanang mata. Habang inooperahan ng doktor ang mata ko para tanggalin ang bara, hindi sinasadyang may nagalaw siyang bahagi, magmula noon, kaliwang mata ko na lang ang nagagamit ko. Magkaiba na ang paningin ng dalawang mata ko, hindi na sila pantay.

Mas maliit ng 1/3 kaysa sa normal ang nakikita ko. Magkaiba ng tingkad ng kulay ang nakikita ng dalawang mata ko. Sumasakit ang ulo ko kapag kanang mata ang ginagamit ko. Pero pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee sa unang gabi ng retreat, naging normal ang paningin ko. Magkasintingkad na ang nakikitang kulay ng magkabilang mata, hindi na rin sumasakit ang ulo ko. Hindi na nahihirapan ang paningin ng kanang mata ko."



- Kap. Namyeong Heo,
Misyon para sa Kabataan, Korea

# Darating ang Panahon



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Kusang-loob na ihahandog ng Iyong bayan sa araw ng Iyong kapangyarihan sa kagandahan ng kabanalan. Mula sa bukang liwayway ng umaga, ang Iyong kabataan ay darating sa Iyo na hamog ang kagaya."

(Mga Awit 110:3)

Sa kasalukuyan, laganap ang kasalanan at kasamaan, nanlalamig ang pag-ibig. Ang mga ito ay tanda ng pagwawakas ng panahon. Hangga't hindi nakakakita ng mga tanda at himala ang mga tao, hindi sila maniniwala (Juan 4:48). Hindi na sumusunod sa kalooban ng Diyos kahit ang mga Cristiano.

Paano ba dapat isulong ng mga anak ng Diyos ang buhay nila sa panahong malapit nang magwakas? Malapit ng dumating ang panahon ng pagbabalik ng Panginoong muling nabuhay sa ulap ng kaluwalhatian sa papawirin. Malapit na Niyang ihiwalay ang trigo sa ipa sa Paghuhukom ng Malaking Tronong Puti. Kung naniniwala tayo dito, paano natin ipapakitang mga Cristiano tayo?

Pag-aralan nating mabuti kung ano ang dapat nating gawin para tuparin ang kalooban ng Diyos sa ilalim ng kapangyarihan Niya sa pamamagitan ng tatlong aspeto: pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig.

### 1. Dapat magkaroon tayo ng pananampalataya na may panatag na espiritu sa harapan ng Diyos

Ang makapangyarihang pangangaral ng Salita ng Diyos at mga makapangyarihang gawain ay magagawa natin kung mayroon tayong panatag na espiritu. Kung may pananampalataya tayo matutupad natin ang gawain ng Panginoon ng buong tapang. Para magkaroon ng kapanatagan sa harapan ng Diyos, dapat hindi tayo nagkakasala para hindi tayo hatulan ng ating puso (1 Juan 3:21).

Kaya dapat nating buwagin ang lahat ng pader ng kasalanan sa pagitan natin at ng Diyos. Dapat nating gisingin ang espiritu nating natutulog, makipag-usap sa Diyos, at tanggapin ang kalakasan mula sa Kanya sa pamamagitan ng pananalangin ng taimtim. Kung may kapanatagan tayo sa harapan ng Diyos, may lakas mula sa Kanya, at may katiyakang kasama natin Siya, lalakas ang loob nating mangaral kahit saan at kahit na anong okasyon.

Dapat nating paalalahanan ang isa't isa na magkaroon ng pananalig ang espiritu. Ipaliwanag natin kung ano ang kasalanan sa mga pinanghihinaan ng loob dahil sa pagkakasala. Hindi lang natin sasabihin sa kanila ang mga pagkakamali nila, at pagwiwikaan sila. Sa halip, palakasin natin ang espiritu nila para talikuran nila ang kanilang mga kasalanan para lumakad sila patungo sa Liwanag.

Sabihin natin sa kanila ang pagdurusa ni Jesus para tubusin tayo mula sa mga kasalanan at magkakaroon sila ng kapatawaran kung aasa sila sa dugo Niya. Ipakita natin sa kanila ang pag-ibig at pagpapala ng Diyos, at maging handa sa pagbabago. Huwag nating husgahan at hatulan ang isang taong gumawa ng matitinding kasalanan, sa halip, ipanalangin natin na mahabag ang Diyos sa kanila.

Kung pagsasabihan lang natin sila dahil sa mga kasalanan nila, hindi magsisisi ang mga may mahinang pananampalataya. Hindi nila tatalikuran ang mga nakasanayan nilang gawin, matitisod sila dahil sa panghihina ng kalooban at kabiguan. Tayong mga malalakas ang pananampalataya ang dapat nangangalaga sa kanila na may kaloobang tulad ng sa Panginoon, may pusong hindi babali ng tambo o papatay ng ningas.

### 2. Dapat mayroon tayong tiyak na inaasahan sa mga tungkulin natin

Kung mayroon tayong tiyak na inaasahan na tatanggaping mga gantimpala sa Langit mula sa Diyos pagkatapos nating tuparin ang mga tungkulin natin, mas magiging malakas ang loob natin sa pangangaral ng Salita ng Diyos at sa makapangyarihang mga pagkilos Niya (Apocalipsis 22:12). Sa Langit, ang mga mansyon natin ay inihahanda at pinapaganda, pinupuno ito ng pinakamahuhusay na bagay na hindi maikukumpara sa kahit na anong bagay dito sa lupa. Ang bawat isa ay gagantimpalaan ayon sa kanyang ginawa dito sa mundo ayon sa katarungan ng Diyos. Kaya dapat nating asahan na magkaroon ng mas mabuting walang hanggang mga bagay sa Langit sa halip na sikaping magkaroon ng mabubuting bagay dito sa lupa na pansamantala lang.

Ang pinakadakilang gantimpala ay ibibigay sa mga nagligtas ng mga kaluluwa (Lucas 15:7). Ang pangangaral ng ebanghelyo ay tungkulin ng bawat Cristiano. Kung ipapanalangin natin ang kaligtasan ng mga kaluluwa, ibabahagi ang ebanghelyo, at magsisikap na tuparin ang gawain na ibinigay sa atin, kikilalanin tayo ng Diyos, tatanggapin natin ang mas mahahalagang tungkulin. Masasabing mayroon tayong pananampalataya kung hahangarin nating magkaroon ng mga tungkulin, at aasahan ang mga makalangit na gantimpala.

Hinihimuk ko kayo na umasa at maghangad ng mga tungkulin. Gustuhin nawa ninyong maging daluyan ng kalakasan ng pastol at ng iglesya sa ilang aspeto. Takbuhin nawa ninyo ang mga layuning ito. Kung idadalangin ninyo ito na may tapat na puso, ibibigay sa inyo ng Diyos ang tungkuling nababagay sa inyo.

Kung puno ng pag-asa ang mga puso natin sa mga tungkulin natin, hindi magiging balakid sa atin ang mga bagay dito sa mundo. Kung wala naman tayong inaasahan, hindi natin pwedeng sabihing gumagawa tayo ng may pananampalataya. Una, dapat tayong magkaroon ng pananampalataya; pagkatapos, umasa tayo nang may pananampalataya sa pagtupad natin ng mga gawain ng Panginoon. Ang mga taong walang pag-asa, pangitain, o pangarap ay may posibilidad na magkaroon ng walang kabuluhang buhay, parang isang taong tumatakbo ng walang pupuntahan.

Hinahangad ko na kumapit kayo ng mahigpit sa inaasahan ninyong mga tungkulin, ibig sabihin, may inaasahan kayong mga gantimpala mula sa Langit. At nawa ay malinaw na maipakita sa inyo ang paraan kung paano tutuparin ang mga tungkuling ito sa pamamagitan ng pagtitiwala ninyo sa Diyos. Kung gagawin ninyo ito, umaasa ako na magkakaroon kayo ng katiyakan at kasiguruhan sa mga tungkulin. Tuparin nawa ninyo ang mga ito ng may maalab na pananalangin.

### 3. Dapat tayong magkaroon ng perpektong pagmamahal, walang takot sa kamatayan

Kung mahal natin ang Diyos at hindi tayo takot sa kamatayan, hindi natin mamahalin ang sarili natin, ibibigay natin ang ating buhay para sa Kanya. Sa unang bahagi ng 1 Juan 4:18, sinasabing, "Walang takot sa pag-ibig kundi ang sakdal na pag-ibig ay nagpapalayas ng takot," Walang takot si Jesus na mahatulan ng kamatayan sa pamamagitan ng pagpapako sa krus dahil hindi lang ang Diyos ang lubos na mahal Niya kundi pati ang mga makasalanan.

Kung mayroon tayong perpektong pagmamahal at damdaming tulad nito, wala tayong kakatakutan dito sa mundo. Kung iisipin nating nakatakda tayong mapunta sa walang hanggang kamatayan pero nagkaroon ng bagong buhay dahil sa pagkamatay ni Jesus, masasabi ng puso nating, "Sapagkat sa ganang akin ang mabuhay ay si Cristo, at ang mamatay ay pakinabang" (Filipos 1:21). Kahit anong klaseng paghihirap ang harapin natin sa pangangaral ng ebanghelyo, hindi tayo matatakot, susulong tayo sa pananampalataya ng may pag-ibig sa Diyos.

Mababasa sa Mga Awit 110:3, "Kusang-loob na ihahandog ng iyong bayan sa araw ng iyong kapangyarihan sa kagandahan ng kabanalan. Mula sa bukang-liwayway ng umaga, ang iyong kabataan ay darating sa iyo na hamog ang kagaya." Pagdating ng panahon, marami na ang nakapaghanda ng malilinis na sisidlan, ihahandog nila ang mga sarili ng may kagalakan. Kapag dumating ang oras na iyon, umaasa ako na nakahanda na kayo bilang dalisay at malinis na mga sisidlan tulad ng hamog sa umaga. Sumama nawa kayo sa mga matatag at nakahandang mga Cristiano.

Kahit may kulang pa sa buhay natin na ilang mga bagay, pero may perpektong pag-ibig sa kalooban natin, pwede na tayong magpatotoo tungkol sa pag-ibig natin para sa Diyos. Gawin natin kahit na anong nais Niya para sa atin. Masasabi na natin, "Kung nabubuhay tayo, sa Panginoon tayo'y nabubuhay; o kung namamatay tayo, sa Panginoon tayo'y namamatay. Kaya't mabuhay man tayo o mamatay, tayo'y sa Panginoon" (Mga Taga-Roma 14:8).

Narinig natin ang ebanghelyo dahil maraming mananampalataya ang nangaral ng may perpektong pag-ibig para sa Panginoon, hindi sila natakot sa kamatayan. Sa harap ng matinding pag-uusig ng Imperyo ng Roma, maraming miyembro ng unang iglesya ang sinunog hanggang sa mamatay, at ang iba naman ay ipinakain sa mga leon. Pero hindi nila tinalikuran ang pananampalataya nila. Kahit hindi pa nila nakikita ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, hindi sila takot sa kamatayan. Nagpunta sila kung saan sila pinapunta ng Diyos. Nakakapukaw ng damdamin ang pag-ibig nila para sa Panginoon.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, narito na ang panahong dapat nating ibahagi ang makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu. Hinihimuk ko kayong magsitindig bilang mga espirituwal na mandirigma na puno ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa araw ng kapangyarihan ng Diyos. Tuparin ninyo ang kalooban ng Diyos at luwalhatiin ninyo Siya. Kung magagawa ninyo ito, idinadalangin ko sa pangalan ng Diyos na tamasahin nawa ninyo ang dakilang kaluwalhatian sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

"Magmula noong nasa primary school pa lang ako, maraming oras na akong nakababad sa harap ng computer, lumabo tuloy ang mga mata ko. Kung wala akong salamin, hindi ko makikilala ang mga tao kahit sa malapitan, hindi ko rin mababasa ang sulat-kamay kahit nasa harapan ko na ito. Habang ipinapanalangin ako ni Dr. Jaerock Lee, malamig ang pakiramdam ng mga mata ko. Pagkatapos, nakakita ako kahit walang salamin. Gumaling din ang gastritis ng kaibigan kong si Jennifer."

- Kap. Beverly Agojito, Pilipinas



"Nagkaroon ako ng problema sa balat pagkatapos kong gamitin ang isang produktong langis na panlinis ng balat. Napakakati nito, hindi ko mapigilang kamutin ang mukha ko. Nagkaroon ako ng mga nagtutubig na sugat, namamagang mukha, at lagnat. Hindi ko maimulat ang mga mata ko. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee noong Hulyo 26, 2014. Naging langib ang mga sugat ko, bumaba ang lagnat ko at nawala na ang pamamaga ng mukha ko. Nagpatotoo ako tungkol dito sa pulong na may pagpapagaling noong Agosto 4. Magmula noon nagpatuloy ito sa mabilis na paggaling. Lubos na akong magaling ngayon."

- Diakonesa Jin Lee, Komite ng Sining, Korea



"Noong bata pa ako, palaging nagtatalo ang mga magulang ko, madalas akong sigawan ng nanay ko. Wala akong nadamang pagmamahal kahit saan. Nagtangka pa akong magpakamatay noong nasa middle school ako. Nahihirapan akong makipag-usap sa ibang tao. Pero nang tanggapin ko ang panalangin ni Dr. Lee, nagkaroon ng init sa puso ko. Napaiyak ako. Kumportable na ako ngayon kapag nakikipag-usap sa ibang tao. Positibo na ang pananaw at pag-iisip ko."

- Kap. Yoko Hayashi, Japan



Pangalawang Araw

## Araw ng Palaro, 'Napakaganda ng panahon!'











Sa araw ng palaro, naglabanlaban ang ika-1, 2, at 3 grupo ng pinakamalaking iglesya at mga sangay na iglesya. Masaya at pursigido ang mga manlalaro pero pinanatili nila ang pagkakaibigan at naging patas ang mga laro. Ang nanalo ay ang ika-2 pinakamalaking iglesya. Mas lalong tumibay ang pagmamahalan ng mga miyembro ng Manmin, lalong-lalo na dahil walang nasaktan sa mga laro.

Kapansin-pansin ang lagay ng panahon. Noong umaga, may maiitim na ulap, itinago nito ang araw. Kung wala ang mga ulap na ito, malamang naging napakainit. Naging malamig ang panahon sa kapaligiran kahit walang ulan.

Sa buong gabi hanggang sa madaling araw, pinanatili ng Diyos ang maiitim na ulap sa kalangitan habang may seminar. Sumilip ang araw paminsan-minsan; kapag umiinit, hihihip ang malamig na simoy ng hangin.

Lahat ng kaluwalhatian at pagpapasalamat ay para sa Diyos na niloob na magsaya ang Manmin sa araw ng palaro na may napakagandang panahon.













"Nakita ko ang napakaraming tutubi at nakapanood ako ng masasayang palaro. Nabiyayaan akong makita ang maraming miyembrong naghahanda at nagkakaisa para sa mga palaro. Tinakpan ng mga ulap ang araw, at kung minsan, may banayad na hangin. Ito ang pinanalangin ni Dr. Lee. Masaya kong inabangan ito. Damang-dama ko ang pag-ibig ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol."

- Kap. Viktoria Kolessova, Estonia



"Tumakbo ako sa karera, gusto ko kasing mapili bilang mananakbo sa 100m takbuhan para sa araw ng palaro. Pero habang tumatakbo ako, naramdaman ko na parang napunit ang laman sa likod ng hita ko. Bumagsak ako dahil napakasakit nito. Kung tutuusin, bawal na muna akong tumakbo sa karera sa palaro. Pero, nang tanggapin ko ang panalangin ni Dr. Lee pagkatapos ng seminar, may malamig na pakiramdam na humaplos mula sa dibdib hanggang sa ibabang bahagi ng katawan ko. Nakatiyak akong magaling na ako. Kinabukasan, tumakbo ako sa 100m takbuhan at sa relay race. Napanalunan ko ang gintong medalya. Sinasabing tumatagal ng 6 na buwan ang paggaling ng napunit na laman, hindi kaagad makakatakbo. Pero ganap ang paggaling ko sa loob ng tatlong araw. Hallelujah!"

- Kapatid na Hyungbae Park, MVP sa grupo ng kalalakihan, Korea



"Lahat ng tao mula sa 25 na mga bansa ay nasiyahan sa mapayapang araw ng palaro. Masaya kami dahil nakasama namin ang pastol at nadama namin ang proteksiyon ng Diyos sa napakagandang panahon. Sa pulong na may pagpapagaling, bumuti ang paningin ko, hindi ko na kailangan ang salamin sa mata na 40 taong ko nang ginagamit."

- Kap. Janet, France



Pangatlong Araw

## Konsiyerto at Pagsamba sa may Campfire, 'Nasa bulwagan ba ako para sa mga konsiyerto sa kastilyo ng pastol?'


Ang pagsamba at konsiyerto sa may campfire ay idinaos sa ilalim ng pagpapala ng Diyos, may banayad pang hangin na nagpapanatili ng katamtamang temperaturang 22-23 degrees Celsius.



Pinangunahan ni Dr. Jaerock Lee ang konsiyerto kung saan nailalarawan ng mga miyembro sa isip nila ang walang hanggang mga araw na kasama ang Panginoon sa Langit. Nakipag-isa sila sa Diyos, sa Panginoon, at sa pastol. Binuksan nila ang pusong pinangalagaan nila, at nagpasalamat at nagpuri ng may buong pagmamahal sa Diyos. Gumawa sila ng mga alaalang hindi malilimutan at pwedeng maitala sa album ng kalangitan. Mas lumaki ang pag-asa nila sa Bagong Jerusalem.

Nakadagdag sa kaligayahan ng pagtatanghal ang mga back-up na mang-aawit at mananayaw (Heavenly Voice Chorus, Heavenly Dance Team, at Power Worship Team), ang back-up na banda (Hallelujah Band), at Nissi Orchestra.







"Hinaplos ang damdamin ko sa pagpupuri ng may buong pagmamahal at pagsamba sa Diyos ni Dr. Jaerock Lee. Humanga ako sa pagmamahal ng pastol sa mga miyembro, sa pagmamahal nila sa kanya, sa matatag na pagkakaisa, at sa buong-pusong pagpupuri. Habang humihihip ang malamig na hangin, nadama ko ang pag-ibig ng Diyos, naging maligaya ako. Nakakaramdam ako ng pananakit kapag matagal akong nakatayo, pero nawawala ang pananakit habang nagpupuri ako."

- Elder Mathias Kasasa, U.K.



"Naantig ang damdamin ko, nadama ko ang mga kamay ng Diyos. Nakakamangha! Pinagsisihan ko ang mga nagawa kong kasalanan, nadama ko ang presensya ng Banal na Espiritu. Napaiyak ako habang nagpupuri. Magmula noon, masiyahin na ako, palaging nagagalak. Pinupuri ko ang Panginoon habang sumasayaw ng buong puso at dinadama ang kalayaan. Titiyakin kong makakadalo ulit ako sa susunod na taon."

- Kap. Schindler Goulbakhar, Switzerland



"Napakaganda ng konsiyerto sa tabi ng campfire. Naantig ang damdamin ko nang madama ko ang pagmamahal ni Dr. Lee. Ipinalabas ito sa tv sa pamamagitan ng GCN – malaking biyaya ito sa maraming tao sa buong mundo. Dapat maging napakainit kapag tag-init pero ipinanalangin ni Dr. Lee ang panahon, kaya naging malamig ito. Nasiyahan at naging mapayapa ang mga miyembro."

- Kap. Deborah Tang, Malaysia



"Nadama ko ang pag-ibig ng Diyos sa napakagandang konsiyerto ng pagsamba sa tabi ng campfire. Nang makita ko ang mga pailaw, nagkaroon ako ng pag-asa para sa Langit at naging panatag tungkol sa pagtungo sa Bagong Jerusalem. Hinaplos ang damdamin ko ng papuring awitin ni Dr. Lee na pinamagatang 'Waiting' habang lumuluha siya. Pinalakas nito ang kalooban ko. Maganda din ang lagay ng panahon."

- Kap. Stephanie Johnson, USA



### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>Missionary Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>Missionary Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |